Si Heneral Luna bílang manunulat sa Kapihang Wika ng KWF

Hindi lámang mahusay sa larangan ng digmaan at estratehiya si Heneral Antonio Luna, isa rin siyang matinik na manunulat. Ibinahagi ito sa Kapihang Wika ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 30 Setyembre 2015, sa lobby ng Pambansang Komisyon para sa Sining at mga Kultura (NCCA), Lungsod Maynila.

Tampok sa Kapihan ang panayam na *Ang Heneral Bílang Manunulat* ni John Ray Ramos, isang historyador, na nagtanghal sa talas at lawas ng panulat ni Luna na gumamit ng sagisag-panulat na *Taga-Ilog* sa pahayagang *La Solidaridad*.

Isa sa mga pinakatanyag na akda ni Luna ay ang *Impresiones*, isang kalipunan ng mga satirikong obserbasyon, tala sa paglalakbay, at puna sa mga gawi ng Español. Nailathala ito noong 1891 habang nása España siya kasama ang mga Propagandista. Tagapagtatag din siya ng *La Independencia* na lumabas noong Digmaang Filipino-Americano.

Matapos ang panayam, ipinakilala ang timpalak sa pagsasalin ng *Impresiones*, ang *Sali(n) Na! Luna 2016*. Bahagi ito ng mithiin ng KWF na maisalin ang mga pinakamahahalagang tekstong pampanitikan, pangkultura, at/o pangkasaysayan ng bansa tungo sa layuning makalikha ng repositoryo at lawas ng mga opisyal at mapagtitiwalaang salin sa Filipino ng mga naturang akda.

Ang pagsasagawa ng timpalak sa pagsasalin ng akda ni Luna ay pakikiisa rin sa pagdiriwang ng kaniyang ika-150 anibersaryo ng kapanganakan sa 29 Oktubre 2016.

Ang pinakamahusay na magsasalin ng *Impresiones* ay tatanggap ng PHP50,000.00 at may karapatang mailimbag sa ilalim ng Aklat ng Bayan ng KWF. 31 Mayo 2016 ang hulíng araw ng pagpasa.

Maaaring maidownload ang kopya ng *Impresiones* at makakuha ng iba pang detalye sa kwf.gov.ph.